# Manggagawa sa Pagawaan ng Kongkreto

Isang uri ng trabaho kung saan mabilisang inihahatid sa mga lugar ng konstruksiyon ang kongkreto/semento na hinalo sa pagawaan.

## Panayam kay Ginoong Reizō Nomura, Tagapangasiwa, Shizuoka-ken Nama Konkurito Kōgyō Kumiai

Interview



## Gawain ng manggagawa sa pagawaan ng kongkreto

### Benepisyo ng trabaho

Tiyak na mahalaga ang kongkreto kapag nagtatayo ng mga gusali.
Ang trabahong ito ay mayroon mahalagang tungkulin na kailangan ng lipunan, may pananagutan at maaaring maipagmalaki.
Ang trabaho ay nahahati sa 1. pagpapadala （pagtanggap ng order at paghahatid） 2. paggawa　3. pangangasiwa sa kalidad （pagsusuri） 4. paghahakot （drayber ng trak na naghahalo sa semento）.
Mayroong mahigit na 80 pagawaan ng kongkreto sa loob ng lalawigan upang maihatid ang kongkreto sa loob ng 90 minuto mula sa pagawaan.

### Mga taong angkop sa trabahong ito

Mga taong nagustuhan ang tinitirhang lugar at nais magtrabaho malapit sa tirahan.
Mahilig magmaneho para sa mga tagapaghatid.

### Para maging isang manggagawa sa pagawaan ng kongkreto

Hindi mahalaga ang pinag-aralan at karanasan.
Pumasok at magtrabaho sa pagawaan ng kongkreto at mag-ipon ng kaalaman at kakayahan dito.
Kung nais maging espesyalista sa trabaho, mainam na kumuha ng sertipikasyon.



Nakakita ka na ba nito? Pagawaan ng kongkreto.



Isa sa mga trabaho ang pagmamaneho ng trak na naghahalo sa semento

### Kinakailangan ba ang pisikal na lakas?

May trabaho na hindi kinakailangan ang pisikal na lakas. Ang paggawa ng kongkreto ay ipinauubaya sa kompyuter na awtomatikong pinapatakbo ang pagawaan at maging ang pagpapadala ay ginagawa sa loob ng opisina kaya maraming kababaihan ang nagtatrabaho rito.

### Maaari bang magtrabaho kahit walang sertipikasyon?

Tataas ang tiwala kapag ang nangangasiwa sa kalidad ng kongkreto ay may sertipikasyon bilang "tekniko ng kongkreto".
Para naman sa mga magmamaneho ng trak na naghahalo sa semento, kinakailangan may pahintulot sa pagmamaneho ng "junchūgata" o hanggang 7 tonelada na sasakyan.

### Ano ang maaari kong gawin sa ngayon?

Pagmasdan kung paano ginamit ang kongkreto sa mga nakatayong gusali.
Masisiyahan kami kung mapukaw ang iyong interes na tuklasin kung mayroong bang pagawaan ng konkreto malapit sa iyong tinitirhang lugar.

**Message**

Ito ay isang trabaho na maaaring gawin sa lokal na lugar dahil ang paggawaan ng kongkreto ay kinakailangan nasa lugar na makakapaghatid sa lugar ng konstruksiyon sa loob ng 90 minuto. Ito ay sulit gawin dahil nakakatulong ito sa pag-unlad ng lokal na lugar. Ang paggawa ng kongkreto ay ginagawa sa alinmang bahagi ng mundo. Kapag natutunan ang trabaho, maaari mo ring matutunan ang kaalaman na makakatulong para makapagtrabaho sa ibang bansa. Kung interesado at may pagnanasa na gawin ang trabaho sa paggawa ng kongkreto, malugod ka naming tatanggapin ano pa man ang iyong nasyonalidad.

Kapag interesado sa trabahong ito

Telepono

Shizuoka-ken Nama Konkurito Kōgyō Kumiai

Tel　054-287-5066